

PAMBANSANG ADYENDA SA PANGANGALAGA NG MGA NANGANGANIB NA WIKA 2023-2025

INTRODUKSIYON

Ang halaga ng wika ay hindi lámang nasusukat sa gámit nito sa pang-araw-araw na komunikasyon. Wika ang daluyan ng karunungan at kamalayan, hindi lámang ng indibidwal, maging ng buong pamayanan na gumagamit nito. Ito rin ang nagsisilbing identidad ng isang pangkat. Sa wika mamamalas ang mga katutubong karunungan sa panggagamot, paghahanapbuhay, pangangalaga ng kalikasan, maging ang pagkamalikhain sa pamamagitan ng mga katutubong likhang-sining at mayamang oral na tradisyon ng panitikan.

Ang pagkawala o paglaho ng wika ay isang malaking panganib sa sangkatauhan. Malaki man o maliit ang bílang ng nagsasalita ng isang wika, kapag ito ay namatay, maaaring maglaho rin ang mga katutubong karunungan, at kalaunan, pagkawala ng pagkakakilanlan ng pamayanan. Kapag hindi na naipapása sa susunod na henerasyon ang wika, unti-unting maglalaho ang mga buháy na dúnong o intangible cultural heritage katulad ng panlipunang kaugalian, ritwal, pagtatanghal, tradisyonal na paglikha, oral na tradisyon katulad ng mga tula, bugtong, kuwentong-bayan, epikong-bayan, atbp. Kung tuluyang mamamatay ang wika, ito rin ay nakapipinsala sa biodiversidad at sa kalikasan dahil ang mga katutubong karunungan hinggil sa kalikasan, paniniwala sa mga espiritu, at mga kultural na pagpapahalaga ay nása katutubong wika.

Sa datos ng UNESCO, sa pagitan ng 1950 hanggang 2010, 230 wika sa buong mundo ang namatay na. Habang tumatagal, may mga wikang tuluyan nang namamatay kapag namatay na ang hulí nitong tagapagsalita. Sa Pilipinas, sa talâ ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF), mayroong itinatayang 130 wika, 36 sa mga ito ang nanganganib na wika, at 4 ang namatay na.

Ang usapin sa pagkamatay ng wika (language death) at mga nanganganib na wika (language endangerment) ay isa sa mga problemang nangangailangan ng matinding atensiyon ng mga ahensiya ng pamahalaan at maging ng mga pamayanan na nagmamay-ari ng wika. Ang problemang ito ay hindi lang dapat pinagtutuonan ng pansin ng mga ahensiyang pangkultura at pangwika, mahalaga na magkaroon ng kolaborasyon at pagtutulungan ang pamahalaan at pamayanan sa pangangalaga ng mga katutubong wika.

Ang KWF bílang nag-iisang ahensiyang pangwika ng bansa ay may mandatong magbalangkas ng mga patakaran, mga plano at mga programa upang matiyak ang higit na pagpapaunlad, pagpapayaman, pagpapalaganap at preserbasyon ng Filipino at iba pang mga wika ng Pilipinas. Taóng 2015 nang umpisahan ng KWF ang pagdodokumento ng mga katutubong wika, partikular sa mga wikang Negrito, katulad ng Inata, Arta, Alta, Ayta Magbukun, Alta Kabulowan, at Ayta Mag-indi. Mula sa dokumentasyon, inumpisahan na rin ng KWF ang interbensiyon nang makita na ang mga wikang Negrito ay nanganganib na. Kayâ noong 2017, sinimulan ang programang Bahay-Wika at Master-Apprentice Language Learning Program (MALLP) para sa Ayta Magbukun na nása pamayanan ng Brgy. Bangkal, Abucay, Bataan. Ang Bahay-Wika at MALLP ay Language Immersion Program at maituturing na kauna-unahang programa para sa language revitalization sa Pilipinas. Pangunahing layunin nitó na pasiglahing muli ang mga wikang nása kalagayang nanganganib nang mawala sa pamamagitan ng paglulunsad ng programang pangwika na tutulong upang maituro at maipása ang katutubong wika sa bagong henerasyon at sa susunod pa, upang mapanatili pa ang pag-iral nitó.

INTRODUKSIYON

Noon namang 2018, idinaos ang Pandaigdigang Kumperensiya sa Nanganganib na Wika (International Conference on Language Endangerment). Dinaluhan ito ng mga prominenteng iskolar sa pananaliksik hinggil sa nanganganib na wika, dokumentasyon, at revitalization na mula pa sa iba't ibang panig ng mundo at ng bansa. Ang kumperensiyang ito ang nagsilbing panimulang gawain sa pagbuo ng adyenda hinggil sa mga nanganganib na wika ng Pilipinas. Nakabuo ng resolusyon na mariing nagmumungkahi sa mga ahensiya ng pamahalaan na tuwirang sangkot sa pagbalangkas at pagpapatupad ng mga gawain ukol sa pangangalaga sa mga wika at kultura na bumuo ng pambansang adyenda at komprehensibong plano na kakatawan sa nagkakaisang adhikain para sa pangangalaga at pagpapasigla ng mga nanganganib na katutubong wika ng Pilipinas.

Ang pagbuo rin ng Pambansang Adyenda sa Pangangalaga ng mga Nanganganib na Wika ay pakikiisa sa 2019 Pambansang Taon ng mga Katutubong Wika (International Year of Indigenous Language) na may layuning pagtuonan ng pansin ang mga panganib na kinakaharap ng mga katutubong wika, lalò na ang may mga kabuluhan para sa kaunlaran, pagkakasundo, mabuting pamamahala, at pagpapatatag ng kapayapaan. Hangarin din nitong mapabuti ang kalidad ng pamumuhay, mas mapalawak ang pandaigdigang kooperasyon at visibilidad, at mapalakas ang interkultural na diyalogo upang matiyak ang pagpapatuloy ng mga katutubong wika at kultura.

Magkaibang kategorya ang katutubong wika at nanganganib na wika. Sa Pilipinas, maging sa ibang bansa, ang mga nanganganib na wika ay ang mga wika ng katutubong pamayanang kultural (Indigenous Cultural Community o ICC). Ilan sa mga dahilan kung bakit nanganganib ang wika ay bunga ng migrasyon katulad ng paghahanap ng kabuhayan na labas sa lupang ninuno (ancestral domain) ng mga katutubong mamamayan (Indigenous People o IP), kakulangan ng akses sa serbisyong panlipunan, pag-aasawa ng magkaibang etnolingguwistikong pangkat (intermarriages), at hindi pagpapása ng wika sa susunod na henerasyon.

Noong 2018, nilinaw ng KWF sa pamamagitan ng Kapasiyahan ng Kalupunan Blg. 1833, s. 2018 ang depinisyon ng nanganganib na wika ng Pilipinas. Ayon sa Kapasiyahan, ang nanganganib na wika ay ang wikang tinatayang maglaho sa hinaharap, bunsod ng mga salik panlipunan, pangkultura at pampolitikang nakakaapekto sa preserbasyon, paggamit, at pagpapaunlad nito.

Nilalaman ng Adyenda na ito ang balangkas ng mga plano para sa pagpapasigla o panunumbalik ng sigla ng mga nanganganib na wika at pangangalaga sa mga katutubong wika sa bansa. Binalangkas ang Adyenda na ito hindi lámang para sa mga ahensiyang pangkultura at ahensiyang para sa mga katutubong mamamayan. May bahagi rin dito ang iba't ibang ahensiya ng pamahalaan, pati na rin ang mga kasangkot na pamayanan.

INTRODUKSIYON

Binuo ang Adyenda sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga pulong at forum. Ang unang pulong ay ginanap noong 22 Pebrero 2019. Dinaluhan ito ng mga kinatawan ng iba't ibang ahensiya ng pamahalaan katulad ng: Pambansang Komisyon sa mga Katutubong Mamamayan o NCIP, Komisyon sa Lalong Mataas na Edukasyon o CHED, Pambansang Komisyon Laban sa Kahirapan o NAPC, Pambansang Museo o NM, Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga Sining o NCCA, Kagawaran ng Edukasyon o DepEd, at Pambansang Pangasiwaan sa Pagpapaunlad ng Kabuhayan o NEDA. Sa pulong na ito, ibinahagi ng mga ahensiya ang kani-kanilang programa na may kaugnayan sa mga ICC at IP. Lumabas sa mga talakayan ang halaga ng pagtuon sa hindi pagkakapantay-pantay sa pamamagitan ng pagbibigay ng karapatan sa mga katutubo, pagbuo ng mga patakarang inklusibo at nanghihiikayat ng partisipasyon hindi lámang ng mga ahensiya ng pamahalaan o mga duty-bearer, kundi pati na rin ng mga may-ari ng kultura o culture-bearer. Nahahati sa dalawang malaking tema ang mga programa at gawaing natukoy na kailangan para sa pagpapasigla ng mga nanganganib na wika. Una rito ang transmission o ang pagpása ng wika at kaalamang nakapaloob dito mula sa henerasyon ng mga nakatatanda tungo sa kabataan ng kanilang pamayanan. Ikalawang tema ang survival, nakapaloob dito ang pagbibigay ng edukasyon sa mga pamayanan na magagamit nila para makilahok sa mas malawak na lipunan. Saklaw rin nito ang ilang serbisyong panlipunan gaya ng pagseguro sa kabuhayan, seguridad, at kalusugan ng pamayanan.

Sinundan naman ito ng pulong ng mga kinatawan ng iba't ibang ICC noong 7–8 Mayo 2019. Kabílang sa mga dumalo ay kinatawan ng Tiboli, Blaán, Obo Manobo (Bagobo), Kamigin, Menubu, Subanèn, Ayta Magbukun, Ayta Mag-antsi, Ayta Mag-indi, Kalingga, Banwaon, Yakan, at Isinay. Lumitaw ang ipinapalagay ng mga katutubo na nagdudulot ng pagkawala ng kani-kanilang wika at kultura. Isa rito ay ang hindi paggamit at pagtuturo ng kanilang wika at kultura sa edukasyon, kaugnay rin nito ang kakulangan ng katutubong guro na lisensiyado, at kakulangan ng kaalaman sa kultura, pati na rin ang mababang kamalayan at hindi pagiging sensitibo ng mga guro sa kultura ng mag-aaral. Isa pang nakikitang dahilan sa pagkawala ng wika ang diskriminasyong natatanggap ng mga katutubo na maaaring mauwi sa pagkahiya ng mga bata sa kanilang sariling wika at kultura. Tinukoy rin ng mga katutubo ang naisip nilang mga plano para palakasin ang kanilang wika at kultura, pati na rin ang mga ahensiya at institusyong inaasahan nilang makatutulong sa kanila.

Pagkatapos ng makahiwalay na pagpupulong, idinaos naman ang forum para sa pagbuo ng Adyenda. Ginanap ito noong 24–25 Hunyo 2019 na dinaluhan ng mga kinatawan ng mga ahensiya ng pamahalaan at mga ICC.

Panghuli, ang pagsasapinal ng Adyenda na isinagawa noong 30 Hunyo–1 Hulyo 2022, muling nagsama-sama ang kinatawan ng mga ICC at ahensiya ng pamahalaan.



LAYUNIN AT TUNGKULIN

Pangunahing layunin ng Adyenda na ilatag ang pambansang plano para sa pangangalaga, pagpapalakas, at pagpapaunlad ng mga katutubong wika ng Pilipinas, lalò na ang mga wikang nanganganib nang mawala. Layunin din nitong ibalangkas ang mga programa at gawain na magsisilbing gabay ng KWF at ng iba pang ahensiya at institusyon na nais makibahagi sa pangangalaga ng mga wika ng Pilipinas. Inaasahan din na sa pamamagitan nito ay mabibigyan ng prioridad at magkakaroon ng kaisahan at direksiyon ang lahat ng mga inisyatiba at pagsisikap na pangalagaan ang mga katutubong wika ng bansa.

Narito ang mga gumagabay na prinsipyo na magiging sandigan ng pagsasakatuparan ng layunin ng Adyenda:

Paggalang sa Karapatan (Rights) – pagkilala sa likas na karapatan ng lahat ng katutubong Pilipino na gamitin ang kaniyang sariling wika, at isabuhay ang kaniyang kultura.

Ayon sa United Nations Declaration on the Rights of Indigenous Peoples, Artikulo 13, “Indigenous peoples have the right to revitalize, use, develop and transmit to future generations their histories, languages, oral traditions, philosophies, writing systems and literatures, and to designate and retain their own names for communities, places, and persons.” Nakasaad din sa Batas Republika Blg. 8371, ang Indigenous Peoples’ Rights Act, Seksiyon 2 (c) na, “The State shall recognize, respect, and protect the rights of ICC/IP to preserve and develop their cultures, traditions, and institutions.”

Isinasaad din sa International Covenant on Economic, Social and Cultural Rights, Artikulo 1 na, “All peoples have the right of self-determination. By virtue of that right they freely determine their political status and freely pursue their economic, social, and cultural development.”

Ayon naman sa Cultural Heritage Act, Seksiyon 2, “In the pursuit of cultural preservation as a strategy for maintaining Filipino identity, this Act shall pursue ... (a) Protect, preserve, conserve, and promote the nation’s cultural heritage, its property and histories, and the ethnicity of local communities.”

Sinasabi rin sa Batas Republika Blg. 11223, Universal Health Care Act na, “It is policy of the State to protect and promote the right to health of all Filipinos and instill health consciousness among them.”

Ingklusyon (Inclusion) – titiyaking may boses at nakokonsulta nang sapat ang mga pamayanan sa lahat ng uri ng desisyong may kinalaman sa kanilang kapakanan.

Ratipikasyon (Ratification) – pinahahalagahan ang maayos at wastong pagproseso sa lahat ng pagdedesiyon sa pamamagitan ng maayos na konsultasyon at mahigpit na pagsunod at pagpapatupad sa Free, Prior, and Informed Consent (FPIC).

Pagtutulungan (Partnership) – pagtutulungan ng whole of society [lahat ng ahensiya ng gobyerno, mga lokal na yunit ng pamahalaan o LGU, mga kaanib na pamayanan, at ng iba pang kaugnay na institusyon (pribado, non-governmental organizations, atbp)] upang matugonan ang mga suliraning kinakaharap ng pamayanan, maging ang mga isyu na hindi direktang tungkol sa wika.

LAYUNIN AT TUNGKULIN

Pagbibigay / Paghubog / Pagkilala at pagsasakatuparan sa angking kakayahan at kapangyarihan (Empowerment) – pagpapalakas sa mga pamayanan bilang bahagi ng holistikong pagpapaunlad sa kanilang sarili. Tinatanaw rito ang angking kakayahan at kakanyahan ng mga ICC sa pangangalaga ng kanilang sariling kultura.

Nakatuon ang Adyenda sa pitong salik na mahalaga sa pangangalaga, pagpapalakas, at pagpapaunlad ng mga katutubong wika ng Pilipinas, ang **pamayanan, pamamahala, kabuhayan, edukasyon, promosyon, kakayahan, at kalusugan.**

ADYENDA

Adyenda 1: Pagtataguyod ng mga miyembro ng pamayanan sa paggamit ng katutubong wika para mapalakas ang sarili at kultural na pagkakakilanlan tungo sa kaunlarang pampamayanan.

Estratehiya 1.1: Lilikha ang pamayanan ng espasyo para sa pagpapatuloy ng pagsasalin at paglilipat ng kanilang wika at kultura sa lahat ng miyembro ng kanilang nasasakupan/pamayanan.

Estratehiya 1.2: Mangunguna ang pamayanan, partikular ang Indigenous Peoples Structure (IPS), elders, at culture bearers na may kakayahan sa wika at kultura sa pagtiyak na naisasalin ang wika at katutubong kaalaman sa susunod na henerasyon sa pamamagitan ng pagpapahusay at pagpapaunlad ng kanilang kasanayan sa komunikasyon gamit ang kanilang wika sa loob ng kanilang pamayanan.

Estratehiya 1.3: Kikilalanin at susuportahan ng pamayanan ang mga umiiral na Indigenous Peoples Organization (IPO)/Peoples Organization (PO) na nagsusulong ng wika at kultura.

Estratehiya 1.4: Gaganyakin ang mga katutubong propesyonal na bumalik sa kanilang pamayanan upang ibahagi ang kanilang serbisyo at kaalaman.

Prioridad sa 2023–2025

1. Pagsasagawa ng Information Education Campaign.
2. Pagbuo ng Memorandum ng Unawaan hinggil sa pagpapasigla sa katutubong wika sa iba't ibang kaanib na ahensiya at LGU.
3. Pagtatayo ng IP governance center sa bawat pamayanan na pagsasagawaan ng mga programa/gawain ng mga katutubo.



ADYENDA

Adyenda 2: Ingklusibong pagpapalano, pangangasiwa, at pagsasagawa ng mga polisiya at sostenibleng programang magpapalakas sa mga ICC tungo sa pagtataguyod sa kanilang wika, kultura, at kapakanan.

Estratehiya 2.1: Ilalahok at pakikinggan ang mga pamayanan sa pagpapalano ng anumang bagay na makaaapekto sa kanilang pamumuhay upang matiyak na matutugunan ang aktuwal na mga pangangailangan ng pamayanan.

Estratehiya 2.2: Kilalanin ng iba't ibang lokal na lehislatura at lawas (body) na bumubuo ng patakaran ang angking katutubong pamahalaan sa pamamagitan ng pagtatatag ng IPS, pagkilala sa mga IPO, at pagtatalaga ng Indigenous Peoples Mandatory Representative (IPMR).

Estratehiya 2.3: Paglalaanan ng porsiyento ng Internal Revenue Allotment (IRA) ng mga LGU ang mga ICC sa kanilang lugar. Magsusulong ng batas para sa badyet para sa mga ICC (20% ng IRA ng LGU).

Estratehiya 2.4: Bubuo ng patakarang pangwika ang mga ahensiya ng pamahalaan na isinasaalang-alang ang kalagayan ng wika ng mga pamayanan.

Prioridad sa 2023–2025

1. Pagpapaalam at pagkonsulta sa mga ICC at iba pang ahensiya para sa pagbuo ng direktiba ng DILG at NCIP sa mga LGU para sa pagpapalakas ng mga nanganganib na wika ng mga katutubo sa buong Pilipinas.
2. Pagbubuo ng mga resolusyon/ordinansa ng mga LGU para sa pagpapalakas ng mga nanganganib na wika sa buong Pilipinas.
3. Pagbibigay ng template ng forms mula sa NCIP para sa ordinansa, resolusyon, at approved appropriations, bilang pagpapalakas sa mga IPMR. (Makatutulong ang KWF kapag ang ordinansa ay tungkol sa wika.)
4. Paglalabas ng resolusyon/ordinansa ng mga LGU na kumikilala sa mga katutubong wika at ICC sa kanilang lugar, na nakabatay sa opisyal na listahan ng NCIP, at iba pang opisyal na inilabas na dokumento ng pamahalaan.



ADYENDA

Adyenda 3: Pagbuo at pagtataguyod ng sostenibleng community-based na proyektong pangkabuhayan na susuporta sa pangangalaga sa wika, kultura, at pamana ng mga katutubong pamayanan.

Estratehiya 3.1: Lilikha ng mga programang pangkabuhayang nakabase sa loob ng pamayanan upang matugunan ang kanilang pang-araw-araw na pangangailangan, at magbibigay sa kanila ng maginhawang buhay.

Estratehiya 3.2: Titiyaking ang mga programang pangkabuhayang ibinibigay sa pamayanan ay nása konteksto ng kanilang kultura at lupaing ninuno tungo sa pag-unlad nito ayon sa sariling konsepto ng pag-unlad ng pamayanan.

Estratehiya 3.3: Implementasyon ng programa at pagsasanay para sa kabuhayan (parehong tradisyonal at di-tradisyonal) at kooperatiba sa mga ICC.

Prioridad sa 2023–2025

1. Pangangalap ng suportang panteknolohiya sa mga ahensiya ng pamahalaan na may kaugnayan sa agham.
2. Pakikipagkasundo sa mga ahensiya ng pamahalaan, NGO, at pribadong institusyon para sa produksiyon ng hilaw na materyales (raw materials).
3. Pagdedevelop ng mga produkto na may kolaborasyon sa mga ICC.
4. Pagpapalakas ng kakayahan sa marketing at linkaging ng mga produkto.
5. Paglulunsad ng mga capacity building at/o pagsasanay hinggil sa epektibong paglunsad ng e-commerce para sa mga tangible na produkto ng mga pamayanan.
6. Paglulunsad ng mga pagsasanay tungkol sa literasing pampinansiya sa mga ICC.
7. Pagtatatag ng asosasyon at/o kooperatiba sa mga pamayanan.
8. Pagbuo ng pampayanang competencies ng mga ICC na magiging batayan ng mga ahensiya para sa mga kurso/skills na nakabatay sa katutubong kakayahan.



ADYENDA

Adyenda 4: Pagtataguyod at pagpapaunlad sa pambansang edukasyong kultural na Pilipino at Indigenous Peoples Education (IPEd) sa lahat ng antas.

Estratehiya 4.1: Gagamitin ang wikang katutubo sa gawaing pormal, impormal, at di-pormal sa paaralan, sa pamayanan, at pamamahala.

Estratehiya 4.2: Isusulong ang mga makabuluhang programa at mga saliksik bunga ng pagtutulungan ng pamayanan at gobyerno tungo sa pagpapayaman at pagpapalalim ng pag-unawa sa katutubong wika.

Estratehiya 4.3: Ilalahok ang katutubong wika sa lahat ng antas ng edukasyon —pormal man at di-pormal; paiigtingin ang pagtatalaga ng mga gurong miyembro ng pamayanan, pati na rin ang paglahok ng mga culture-bearer sa pagbuo ng kagamitan sa pagtuturo at kurikulum.

Estratehiya 4.4: Isusulong ang mga makabuluhang programa at saliksik upang mapagyaman at mapalalim ang pag-unawa sa katutubong wika tungo sa patuloy na pagpapaunlad ng sistema ng edukasyon, at pagpapaigting ng Mother Tongue Based-Multilingual Education (MTB-MLE) at IPEd.

Estratehiya 4.5: Isusulong sa Komisyon sa Serbisyo Sibil o CSC at Komisyon sa Regulasyon ng mga Propesyon o PRC ang pagbibigay ng akomodasyon sa mga katutubong guro at pagkakaroon ng alternatibong paraan sa pagkuha ng lisensiya ng mga katutubong guro.

Estratehiya 4.6: Makikipag-ugnayan sa DepEd hinggil sa pagtatalaga ng mga gurong magtuturo sa ICC na magmumula sa IP ranking.

Prioridad sa 2023–2025

1. Pagsasagawa ng konsultasyon at pagpapalano para sa pagbuo ng mga programa, kagamitang pampagtuturo, at pagsasanay ng mga guro.
2. Pagbuo ng patakaran, kurikulum, at pakikipagkasundo sa mga pamayanan.
3. Padaliin ang pagbuo ng mga information education campaign (IEC) materials at magkaroon ng diseminasyon sa mga ICC.
4. Pagkakaroon ng representasyon ng mga IP sa local school board.
5. Pag-imbita sa mga cultural master/bearer bílang guro sa mga pormal na institusyong pang-edukasyon.
6. Pagkilala sa mga cultural master/bearer sa pamamagitan ng pagbibigay ng karampatang digri.



ADYENDA

Adyenda 5: Palakasin at pasiglahin ang mga wikang katutubo sa pamamagitan ng ibayong paggamit sa loob ng tahanan, sa paaralan, sa pamayanan, at sa midya upang pagyamanin ito at hindi maglaho.

Estratehiya 5.1: Itataguyod ang paggamit ng katutubong wika sa iba-ibang aspekto o dominyo ng buhay gaya sa tahanan, loob ng pamayanan, paaralan, mass media, at social media.

Estratehiya 5.2: Idodokumento ang mga oral na panitikan katulad ng awiting-bayan, tula, kuwentong-bayan, at epiko. Nararapat itong dumaan sa pahintulot ng pamayanan.

Estratehiya 5.3: Bubuo ng mekanismo ang pamayanan upang gabayan ang mga kontemporaneong musika, tula, at iba pang katulad upang masiguro ang integridad pangkultura.

Estratehiya 5.4: Magsusulong ng mga batas na susuporta sa pagpapasigla ng mga nanganganib na wika.

Estratehiya 5.5: Magsasagawa ng mga cultural workshop sa mga bata na gumagamit ng katutubong wika.

Estratehiya 5.6: Pagkuha ng suporta at tulong ng mga organisasyon at mga indibidwal ng katutubong pamayanan.

Estratehiya 5.7: Isasalin sa katutubong wika ang mga batas at mga legal na dokumento.

Estratehiya 5.8: Maglilimbag ng mga aklat, diksiyonaryo, at iba pang publikasyong gumagamit ng katutubong wika.

Estratehiya 5.9: Kilalanin ng mga pamayanan ang kanilang “lokal na bayani (natatanging lider at/o cultural master/culture bearer)” na may dakilang ambag sa pamayanan.

Estratehiya 5.10: Hihikayatin ang mga LGU na bumuo ng mga patakaran na kikilala sa mga “lokal na bayani.”

Prioridad sa 2023–2025

1. Pagbubuo ng apat na pangunahing kahingian sa programang MTB-MLE, katulad ng ortograpiya, gabay sa ispeleng, listahan ng mga salita, at panitikan (four minima).
2. Pagbubuo ng diksiyonaryong pangkultura, at iba pang materyales na pangwika at pangkultura.



ADYENDA

3. Pagbibigay ng karampatang onoraryum sa mga nakakasama sa mga gawaing pangwika at pangkultura.
4. Paglulunsad ng mga programa para sa papaunlad ng wika sa tahanan, pamayanan, paaralan, at mass media.

Adyenda 6: Pagtataguyod at pagpapaunlad sa iba't ibang likas na kakayahan ng mga katutubo sa paggawa gamit ang katutubong wika bílang midyum sa pagtuturo tungo sa sostenibleng kabuhayan at ingklusibong kaunlaran.

Estratehiya 6.1: Pormal na kikilalanin ng gobyerno ang kakayahan at kasanayan ng mga katutubo (hal. paghahabi) sa pamamagitan ng pagbibigay ng sertipikasyon mula sa TESDA o ibang kaugnay na ahensiya.

Estretehiya 6.2: Pauunlarin ang kakayahan at paggawa gamit ang modernong teknolohiya at agham kasama ang katutubong kaalaman.

Prioridad sa 2023–2025

1. Pakikipag-ugnayan sa TESDA at mga katulad na ahensiya na kilalanin ang kakayahan at kasanayan ng mga katutubo (hal. paghahabi).
2. Pagsasagawa ng needs assessment para tukuyin ang mga proyektong pangkabuhayan na angkop sa lupa at/o karagatang ninuno.



Adyenda 7: Pagpapaunlad ng kaalaman, pagtataguyod, at pangangalaga sa kalusugan sa pamamagitan ng paghahatid ng serbisyong pangkalusugang makatao ang oryentasyon na nakatuon sa pangangailangan at kagalingan ng mamamayan, at maláy sa mga pagkakaiba sa kultura, halagahan, at paniniwala.

Estratehiya 7.1: Bigyan ng akses ang mga IP/ICC sa de-kalidad, ligtas at pangunahing serbisyong pangkalusugan na may paggalang sa kultura (hal. kalusugang pampamilya at kalusugang pangkabuhayan), kabílang ang mga katutubong (tradisyonal/komplementaryo) namamayaning medisina at gawi na ipagkakaloob ng mga health service provider na may paggalang sa kultura.

Estratehiya 7.2: Kilalanin at igalang ang katutubong kaalaman sa pangangalaga sa kanilang katawan at kalusugan at sa panggagamot at pagkilala sa mga pamantayan at patakaran ng pamayanan sa panggagamot.



ADYENDA

Estratehiya 7.3: Palakasin ang paggamit ng katutubong kaalaman sa kalusugan sa pamayanan.

Estratehiya 7.4: Kilalanin ang katutubong proseso ng pagpapaunlad at “packaging” ng produkto na may kinalaman sa kalusugan (medisina, pagkain, at mga kagamitang pangkalusugan), irehistro sa pamahalaan, at itaguyod bilang isang uri ng kabuhayan na naaayon sa kagustuhan ng pamayanan.


Estratehiya 7.5: Idokumento at irehistro ang mga halamang-gamot na ginagamit ng mga katutubo na naaayon sa kagustuhan ng pamayanan.

Estratehiya 7.6: Maging katuwang ng pamayanan sa pagdevelop ng produkto na may kaugnayan sa kalusugan ang mga propesyonal o espesyalistang IP.

Prioridad sa 2023–2025

1. Ang mga itinalagang health care provider sa mga lupaing ninuno ng mga katutubo ay maláy sa mga katutubong kaalaman at gawing pangkalusugan.
2. Hindi bababâ sa 50% na manggagawang pangkalusugan na itinalaga sa lupaing ninuno na may Certificate of Ancestral Domain Titles (CADT) o sa barangay na tinitirhan ng mga IP ang magkakaloob ng pangunahing serbisyong pangkalusugan na may paggalang sa kultura.
3. Hindi bababâ sa 50% ng lupaing ninuno ang may pasilidad pangkalusugan na makapagbibigay ng pangunahing serbisyong pangkalusugan na may paggalang sa kultura.
4. Hindi bababâ sa 50% ng pamayanang natukoy na nanganganib ang wika ay magkaroon ng pasilidad pangkalusugan na makapagbibigay ng pangunahing serbisyong pangkalusugan na may paggalang sa kultura.
5. Hindi bababâ sa 50% ng lupaing ninuno na binibigyan ng prioridad bilang Geographically Isolated and Disadvantaged Areas (GIDA) ay magkakaroon ng nakatalagang komadrona na nagbibigay ng serbisyong pangkalusugan nang higit na madalas kada linggo.





NATIONAL AGENDA FOR THE PRESERVATION OF ENDANGERED LANGUAGES 2023-2025

INTRODUCTION

The importance of language is not only measured through its use in everyday communication. Language is the vessel for knowledge and consciousness, not only of the individual, but also of the community using it. It also serves as an identity of the group. It is through language that the indigenous knowledge on medicine, livelihood, preservation of nature, and creativity through indigenous arts and rich tradition of oral literature is manifested.

The extinction of a language is a great threat to humanity. Whether the number of speakers of a language are large or small, when a language dies, indigenous knowledge may likewise go extinct, and consequently, there will also be a loss of identity of the community. When a language is not passed into the next generation, the intangible cultural heritage such as community values, rituals, performance, traditional arts, oral traditions like poems, riddles, folklores, epics, and others will slowly cease. If a language indeed dies, it also threatens the biodiversity of nature because the loss of indigenous knowledge on nature, beliefs in deity, and cultural values are embedded in the indigenous language.

According to UNESCO's data, there were 230 languages in the world that went extinct from 1950 to 2010. As time goes on, languages die because its last native speaker also died. In the Philippines, the Commission on the Filipino Languages (CFL) has noted that there are 36 endangered languages and 4 extinct languages out of the estimated 130 languages in the country.

Language death and language endangerment are problems that require immense attention from the government agencies at the community of speakers of the language. These problems, which arose from various social factors, not only require attention from cultural and language agencies, but likewise entail a collaborated efforts between the government and the community in preserving the indigenous languages.

The CFL, as the sole language agency in the country, is mandated to formulate policies, plans and programs to ensure the further development, enrichment, propagation and preservation of Filipino and other Philippine languages. In 2015, the CFL has started documenting native languages, particularly languages of the Negrito group, such as Inata, Arta, Alta, Ayta Magbukun, Alta Kabulowan, and Ayta Mag-indi. From this documentation, the CFL likewise has started intervention when it found out that the Negrito languages are endangered. Thus, in 2017, the CFL introduced the program Bahay-Wika and Master-Apprentice Language Learning Program (MALLP) for Ayta Magbukun in Barangay Bangkal, Abucay, Bataan. The Bahay-Wika and MALLP is a Language Immersion Program and is considered as the first language revitalization program in the Philippines. The main objective is to revitalize an endangered language through language programs that will enable the teaching and transfer of the native language to the new generation of speakers, to ensure the language's existence.

INTRODUCTION

Also in 2018, the CFL held an International Conference on Language Endangerment. It was attended by prominent scholars on endangered languages, documentation, and revitalization from different countries. The conference kickstarted the creation of a national agenda for endangered languages in the Philippines. It resulted in a resolution to call for the government agencies directly involved in the planning and implementing language and culture works to create a national agenda and comprehensive plan that will represent the common aspiration for the preservation and revitalization of endangered languages in the Philippines.

The creation of the national agenda for the preservation of endangered languages is in solidarity with the 2019 International Year of Indigenous Language with an objective of focusing on the threats faced by the indigenous languages, especially those in relation to development, dispute settlement, good governance, and peace building. It likewise aims to improve the quality of living, greater international cooperation and visibility, and stronger intercultural dialogue to ensure the continuation of native languages and cultures.

The categories for native language and endangered language are distinct. In the Philippines, and even in other countries, an endangered language is a language of an indigenous cultural community (ICC). Some of the factors which cause language endangerment are migration to look for jobs and opportunities outside the ancestral domain of the indigenous people, scarce access to social services, intermarriages, and not passing the language to the next generation.

In 2018, the CFL clarified through Board Resolution No. 18-33, s. 2018, the definition of “endangered language” in the Philippines. According to its resolution, an endangered language is a language estimated to go extinct in the future, due to social, cultural, and political factors which affect its preservation, use, and development.

This Agenda contains framework of plans for the revitalization of endangered languages and preservation of native languages in the country. It is outlined not only for cultural agencies and agencies for indigenous people of the government. Likewise, the different agencies of the government, and the community of speakers, is called upon by this Agenda.

INTRODUCTION

This Agenda is culminated from the different meetings and forum. The first meeting was held on 22 February 2019. It was attended by representatives of different agencies of the government, such as: National Commission on Indigenous Peoples (NCIP), Commission on Higher Education (CHED), National Anti-Poverty Commission (NAPC), National Museum (NM), National Commission for Culture and the Arts (NCCA), Department of Education (DepEd), and National Economic Development Authority (NEDA). In this meeting, the agencies shared their own programs for the ICC and the IP. The discussions emphasized addressing inequalities by providing rights for indigenous people, creating inclusive policies that encourages participation not only of the government agencies or duty-bearers, but also of the culture-bearers. The said programs and activities are divided into two major themes for the revitalization of endangered languages. First, the transmission of the language and knowledge contained therein from the older generation to the younger generation in the community. Second, the survivability of the language which provides for education to the community that they can use to participate in different societies outside their own. It also includes some social services such as livelihood, security, and health of the community.

This was followed by a meeting with the representatives of the different ICC on 7 – 8 May 2019. Those who attended the said meeting are representatives of: Tiboli, Blaan, Obo Manobo (Bagobo), Kamigin, Menubu, Subanën, Ayta Magbukun, Ayta Mag-antsi, Ayta Mag-indi, Kalingga, Banwaon, Yakan, and Isinay. The discussions determined the factors that endanger their language and culture. The threats include non-use of the language, failure to teach their language and culture in education, lack of licensed teachers in the native language, lack of cultural knowledge, and a lack of consciousness and insensitivity to the culture of the indigenous children. One of the reasons of the loss of language is the discrimination experienced by the natives that may result in children feeling ashamed of their culture and language. The community also determined plans to strengthen their language and culture, including the agencies and institutions that may be able to support them.

After the separate meetings, the CFL also conducted a forum on developing this Agenda. It was held on 24 – 25 June 2019 and attended by the representatives of agencies of the government and the ICC.

Lastly, the meeting for the finalization of the Agenda was held in 30 June – 01 July 2022, where the representatives of the ICC and government agencies convened.



OBJECTIVES AND GOALS

The primary objectives of the Agenda is to establish the national plan for the preservation, strengthening, and development of indigenous languages of the Philippines, especially those endangered languages. It is also the objective of this Agenda to outline the programs and activities that will serve as guide for the CFL and other government agency and institutions which would like to take part in the preservation of the languages in the Philippines. It is likewise hoped that through this Agenda, the initiatives and efforts to preserve the indigenous languages in the country will be given prioritization, unity, and direction.

The guiding principles that serve as basis of the implementation of the objectives of the Agenda are as follows:

Rights – acknowledging the rights of all indigenous Filipinos to use their own native language and culture.

